

1



"*S*old!" Halos magsikip ang dibdib ni Clay nang maalala ang text message mula sa kanyang Lola Sora. Pinigilan niya ang sariling muling silipin ang cellphone na nakapatong sa kandungan at pagkatapos magmura nang malutong ay inihagis ang telepono sa dashboard. Hindi siya ang tipo ng taong madaling mayamot o mainis dahil naniniwala siyang may magandang panig at mala-pilak na dahilan ang lahat ng bagay, but right now he was really getting pissed off.

Humantong na ang binata sa dulong timog ng Cebu pagkatapos mabasa ang text message sa kanya ni Sora Capistrano. Pinsang-buo si Sora ng Lola Concha niya sa ina. Magkasamang lumaki ang dalawa at kapatid ang turingan dahil kapwa nag-iisang anak. Sinabi pa ni Concha na utang nito ang buhay sa pinsan dahil kung hindi ito nasaklolohan ni Sora sa ilog noong kabataan nila ay nalunod na siguro ito noon pa.

Naghiwalay lamang ang magpinsan nang mag-asawa si Lola Concha at dinala ng napangasawa nito sa South America, sa bansang Brazil. Gayunman,

tuwing may mahahalagang okasyon ay umuuwi ang kanyang abuela. Isinasama siya ng matanda sa lahat ng pagkakataong umuuwi ito ng Pilipinas kaya napamahal din sa kanya nang husto si Sora. May isang beses na halos umabot sila ng isang buwan sa Santander, Cebu. Iyon ay nang magkasakit ng dengue si Sora dahil sa mga nagpatung-patong na gulong na nakaimbak sa likod-bahay ng matanda at pinangitlugan ng lamok.

There, he witnessed how Concha took care of Sora. Ultimo pagpapaihi sa bedpan ay tinrabaho nito. Nakabantay rin ito nang alas seis ng umaga at hapon dahil takot sa karayom ang pinsan at iyon ang oras ng pagkuha rito ng dugo. Limang taon pagkatapos ng pagkakaospital ni Sora ay namatay ang Lola Concha niya. The woman died of heart failure at the age of eighty. Sobrang naging malulungkutin ng matandang si Sora kaya dinalasan niya ang pagbisita rito di bale nang magastos.

Clay did his best to make the old woman happy because if his Lola Concha were alive, gugustuhin nitong palaging masaya ang pinsang hindi na nag-asawa nang malamang may problema ito sa matris at walang kakayahang magbuntis. Sa kanya ibinuhos ni Sora ang lahat ng pagmamahal nito, at ang pangungulila nila sa namayapang si Concha ay pinunan ng isa't isa.

Sora loved him so dearly, pero minsan talaga trip ng matanda ang inisin siya. Nasisiguro niyang pilyang bata ito noong araw. May pagkakataon pang biniro siya nito at sinabihang *jutay* raw ang kargada niya kaya wala pa siyang asawa.

Nieto, may gusto akong ibenta sa 'yo... Iyon ang text sa kanya ng matanda na sinagot niya ng: *Sure, Granny, whatever that is you're selling, consider it sold.* Hindi na niya pinagtakhan ang paggamit nito ng cellphone dahil binilhan niya ito ng bagong modelo ng aparato nang huling dalaw niya rito. Triple camera iyon, may wide camera at nauuso ang *TikTok* na kinaaliwan nito nang husto, bukod sa paggamit nito ng scene optimizer para kuhanan ng picture ang pinakamamahal nitong mga ligaw na damo.

Hindi na niya pinag-isipan ang itutugon dito. Nang mga oras na iyon ay nasa engagement party siya ng pinsang si Crexus sa babaeng nagpabaliw rito nang husto.

“And we’re pregnant!” anunsyo ni Crexus, sabay haplos sa tiyan ni Bella. Suminghap ang huli at pinamulahan ng mukha. “You guys have no idea how I’ve worked hard to put a baby in Bella’s tummy. Damn, I swear, it took me weeks.” Kinuyumos nito ng mapusok na halik sa labi ang mapapangasawa at hindi napigilang napasipol si Clay sa nasaksihan.

How could one woman change someone who

used to be so callous and unsympathetic? Malaking-malaki na ang ipinagbago ng pinsan niya magmula nang matuto itong umibig kay Bella. He suspected that Crex was already hopelessly in love with his now soon-to-be wife since the first day he met her in a party. Napangiti siya nang maalala ang mga pinaggagawa upang pagselosin at inisin lang si Crexus noon.

Aalis na sana siya kung hindi niya lang nakita sa gilid ng mga mata ang babaeng nakaupo sa kanang mesa malapit sa stage at nakatitig sa kanya. Nakatingala ito sa kanya at pagkamangha ba ang nakikita niya sa mga mata nito?

“Hi!” Nginitian niya ito. Muntik na niyang masambit ang pangalan ni Bella dahil sa malaki nitong pagkakahawig sa kaibigan niya, pero kaagad niyang nakita ang malaking pagkakaiba ng dalawa, mas malungkot ang kislap ng mga mata nito. It looked like she had been weary all her life. “You must be Heliconia?” Pinasigla niya ang boses.

Kumibot ang labi ng babae. “Paanong—”

“I’m Clay. Nabanggit na siguro ni Belladonna sa iyo na ako ang nakasama niya sa Santorini noon. I also happen to be Crexus’ cousin. Small world, eh?” Ikiniling niya ang ulo at lumampas sa balikat ng kaharap ang mga mata. He met a pair of ruthless and badass eyes. Sa paraan ng pagkakatitig sa kanya ng lalaking nakaupo katabi ng babaeng kausap niya ay

alam niyang hindi ito masaya sa ginagawa niyang pagkausap kay Heliconia. *Hmm... so this must be the husband.*

Gusto niyang mapaungol nang malakas. Jesus Christ! Kung makatitig ito ay dinaig pa ang batang aagawan ng paboritong laruan. He grinned to himself, a little act wouldn't hurt, right? Muli niyang itinuon ang tingin sa babae. Besides, forte niya ang pagselosin ang mga lalaking hindi nagtatapat ng tunay na damdamin. Hah! Sa kanya kaya darating ang araw na magseselos siya nang husto? Gusto niyang humagalpak ng tawa.

Never. "Ah, ikaw pala iyon." Sinadya niyang hawakan ang pisngi ni Heliconia, and bingo! The husband tensed. "You look exactly like Bella. Kambal nga kayo. Pero mukhang malungkot ka."

Alanganing ngumiti si Heliconia. May nagpapalungkot dito at parang alam na niya kung sino. "You should smile more often." May sasabihin pa sana siya nang biglang tumunog ang message alert tone ng kanyang cellphone. He fished out his phone from his pocket.

Granny: Sold! I'll have the papers ready. You can pick her up anytime or I'll have her delivered to your condo in Makati or your house in Santa Clara?

Nagsalubong ang mga kilay ng binata. Hindi kaagad maiproseso ng utak niya ang nabasa ng

kanyang mga mata. What the heck?

He texted: *I don't understand. What do you mean by her? Babae?*

Granny: Yes.

Nabura ang ngiti sa mga labi ni Clay. "Oh God, Granny! The old lady is really good at pissing me off. She wants to sell me someone!"

Kumunot ang noo ni Heliconia. "Someone? Hindi ba something?"

"You heard me right, darling. *Someone*. Humihinga, buhay na buhay, at babae pa!" alboroto niya. He murmured his goodbyes. Mabilis na siyang umalis.



Naghahalu-halo ang emosyon sa sistema ni Clay. He knew he had to see the old woman. ASAP. He took the very first flight to Cebu. Pagdating ng *Mactan-Cebu International Airport* ay umarkila siya ng sasakyan at nagmaneho ng humigit-kumulang apat na oras patungong Santander na nasa pinakitimog na ng Cebu. Dumiin ang pagkakaapak niya sa gas pedal nang binabagtas na niya ang kahabaan ng Natalio Bacalso Avenue. He inhaled and swayed his head to Michael Buble's music from the car stereo, lightly strumming his finger pads on the steering wheel. Kinakalma niyang pilit ang sarili kahit na sobrang pagod na siya sa biyahe.

"It's a beautiful day, the sun is up, the music's

playing,” he crooned.

Clay Santa Maria was always calm. He was warm, always showing his lethal yet enigmatic smile. There was nothing in the world that could irritate or infuriate him easily. Nothing and *no one*. Hindi pa ipinapanganak ang taong sisira sa magaan na disposisyon niya sa buhay.

Para sa isang pinsan, wala siya ni isang masamang buto sa katawan—but that was not entirely the case. He cursed, he certainly wasn’t celibate, et cetera. He could even be brash and c*cky if he wanted to. Hindi siya santo. Hindi madaling magalit, mahinahon, hindi nagloloko sa babae, at mabuti sa kapwa. Hindi tulad ng pinsang si Crexus, mas palangiti rin siya at mas maayos makihalubilo sa iba.

Bumuntong-hininga si Clay. Unti-unti nang pumapayapa ang pakiramdam niya. He had jet-black and charmingly tousled hair, eyes as dark as bituminous coals, nose that was close to perfection, pair of lips that would summon images of a kiss that was both steaming and playful at the same time. His face had also been called lovely a hundred times. Nakakapanginig ng hita ang maamong mukha niya.

Overall, Clay was the perfect dreamboat. Ang pangarap ng mga kababaihan sa sanlibutan. Ang uri ng lalaking madalas na napipikot o naba-blackmail. Ang klase ng lalaking ipinapakilala sa mga magulang.

“Finally,” palatak niya nang matanaw ang dilaw na waiting shed na sinulatan ng Doña Aurora at ang bagaman luma ay malaking bahay ni Sora na gawa sa ladrilyo at kahoy. Inihimpil niya ang sasakyan sa tapat ng bahay at bumaba, tumingala sa ikalawang palapag at minasdan ang apat na durungawan—old capiz windows with lace curtains. Isinasayaw ng hangin ang mga kurtina. Halos kita na rin ang mga antigong kagamitan sa loob ng bahay.

Gumalaw ang kurtina at napatingin siya roon. May nakaputing babae na pakubling nakatayo sa gilid ng bintana, nakadungaw sa kanya. *White lady?* The lady moved away when he looked up at her direction. Gusto niya itong hilahin pabalik sa bintana at titigan ito sa mukha, pero nakaalis na ito.

Nagkibit-balikat na lang siya at inilibot ang tingin sa paligid. Dahil pahapon na ay marami nang nagwawalis at nagsusunog ng mga tuyong dahon sa kani-kanyang bakuran.

“*Gurwapo kaayo, appealing ba. Kabatyag jud ko og spark,*” dinig niyang komento ng isa sa dalawang kadalagahang nasa katabing bahay. Naghaharutan at nagsisikuhan ang mga ito habang nakatanaw sa kanya. Naintindihan ng binata ang sinabi nito. Nakaramdam daw ito ng spark sa kanya.

“*Nieto? Clay? Ikaw nga ba?*”

Bumaling ang tingin niya sa matandang nagbukas

ng gate. “Granny!” he exclaimed. Sinalubong niya ng yakap si Tandang Sora. ‘Tandang Sora’ ang tawag dito ng mga tao. The woman was now in her mid-eighties. Garalgal na ang tinig nito sa katandaan at puti na ang buhok pero malakas pa sa kalabaw.

“Halika, pasok sa loob.” Magiliw siya nitong inakay papasok ng bahay. Pinaupo siya nito at iniwan muna saglit. Nang bumalik ay may dala na itong pagkain. “Hala, kain nang kain.” Inilapag nito ang suman at ube halaya sa mesa de centro ng sala.

Iginala ni Clay ang mga mata sa palibot. The house was really old. Sa isang gilid ay naroon ang lumang *Steinway* piano. Naalala niyang magaling sa kahit na anong instrumento ang matanda. Katabi niyon ay plorera ng puting gumamela na nakapatong sa antigong lamesa na gawa sa narra. Malalaki ang aparador at kulay luwad. Mga nakakuwadrong paintings na obra ni Tandang Sora ang nasa pader. Mahilig itong magpinta at gustung-gusto nito ang mga obra ni Fernando Amorsolo.

“Thank you, Granny.”

Naupo ito sa silyang tumba-tumba, katapat niya, at pinagmasdan ang magana niyang pagnguya sa mga inihain nitong pagkain. “Ang ipinunta mo ba rito ay ang tungkol sa pinadala ko sa iyong mensahe, *nieto?*” kaswal nitong tanong.

Thank God, ang matanda na ang nagbukas ng

paksa.

Kinuha nito ang cellphone mula sa bulsa ng duster at kinutingting. Inayos nito ang buhok at itinapat ang mukha sa front cam. Nagti-*TikTok* na naman ito.

“Exactly, Granny.” Lumapad ang pagkakangiti ng lalaki. Alam na niya ngayong nagbibiro lang ito. Marahil ay gumawa lang ito ng paraan para madalaw niya. “I know you were just joking, Granny—”

“*Seryoso jud ko, Clay.*”

“Po?” Nabura ang ngiti niya.

“Gusto ko siyang ibenta sa iyo. You will like her, *nieto*. Maganda, mabait at masunuring bata.”

Ah, parang tuta, the adorable poodle, sa loob-loob niya. He hated the idea. Hindi siya interesadong bumili ng babae! At anong klaseng babae ang gugustuhing ibenta ito sa isang lalaking hindi nito kilala? Liban na lang kung isa itong oportunist. Nagtagis ang mga bagang niya sa isiping iyon. Sora was really old. Maaaring nadala ito sa panunutsot ng batang-bata at magaling umarteng—

Nabitin ang paglalakbay ng diwa niya nang lumitaw mula sa kusina ang isang pamilyar na mukha. “Hi, Clay!” Kaylapad ng ngiti ng bagong dating.

“Julia?”

The young lady wore a white camisole dress. Isang pulgada sa itaas ng tuhod ang haba niyon. Nakasuot ito ng tsinelas na gawa sa abaka at nakalugay ang

mahabang buhok. The last time he saw her, her hair wasn't this long or this wavy. Marahil ay hindi niya lang napansin dahil parati itong nakapusod sa opisina. Ngayon ay umabot na hanggang baywang ang buhok nito. Wala itong suot na salamin ngayon kaya mas maayos niyang napagmasdan ang mukha ng dalaga.

Matiim na napako ang mga mata niya rito. *Hmm... first time without eyeglasses.* Julia had a pair of heavy deep-set eyes, a small nose with a little dent at the tip, and heart-shaped lips. Hindi rin ito matangkad. She was small but with full breasts, heavy hips, and a tiny waist. Matagal naman na niyang alam ang mga katangian nitong iyon—maganda at mahubog ang katawan. Magkaibigan sila dahil sekretarya ito ng pinsan niyang si Crexus na CEO ng *Santa Maria Chokolere Empire* o *SMCE*.

Ito ang babae kanina sa bintana... Para itong hinugot mula sa mga lumang paintings ng matanda.

“Siya ang gusto kong ibenta sa iyo, *nieto*.”

Nalaglag ang panga ni Clay. “What!”

2



"**A**nong kalokohan 'to, Julia? Bakit ipinagbibili ka sa akin ni Granny?" mahinahon niyang tanong sa dalaga matapos itong akayin sa likod-bahay, sa nangangalawang nang garden set na dating katabi ng mga lumang gulong. Mabuti na lang at hindi na nag-iimbak niyon si Sora magmula nang magkasakit ito ng dengue.

"Nabili mo na, Clay." Kandahaba ang nguso ni Julia.

Gumalaw ang mga ugat niya sa sentido, baka mai-stroke siya nang maaga dahil sa kunsumisyon. "I don't think so. Wala pa akong binabayaran. I'm sure you know how cash on delivery works. If no payment is made, the unopened goods are returned to the seller." Wala sa loob na bumaba ang tingin ng lalaki sa ibabang bahagi ng katawan ni Julia. *Unopened goods*. May nagbukas na kaya ng pinakapribado nitong produkto?

"Hindi pa nagagamitan ng can opener ang *unopened goods* ko, Clay."

Naubo siya. Alam na alam ni Julia kung ano ang tumatakbo sa marumi niyang isipan. "Di gamitan mo

na ng abrelata ngayon.”

“Hindi masaya kung ako lang.”

Hindi makapaniwala ang tinging ipinukol niya sa kaharap. Kapag ba walang salamin ay nag-iiba ang ugali nito? Ang lakas ng tama nito sa kanya. Mukhang ang abrelata niya ang gusto? Mapapalaban ito kung ganoon.

Tumikhim siya. “Hindi ko alam na taga-rito ka rin pala,” pag-iiba niya sa usapan.

“Santander ang bayang kinalakhan ko.” Ipinaliwanag ni Julia na sapatero ang tatay nitong si Mang Abner, labandera naman ang nanay na si Aling Cielo, at bunso ito sa dalawang magkapatid. Ang Kuya Gener nito ay nuknukan ng tamad na diyata’t ipinaglihi sa suso kung kumilos—ang kupad! Pero pagdating sa babae ay ang likot na parang tawilis na naalis sa tubig. Kinapos di-umano si Mang Abner ng isang ulos nang ginagawa ang kuya niya kaya kulang-kulang sa buwan ang utak.

Nagdesisyon si Julia na maghanap ng part-time job para makatulong sa mga magulang. Kinuha itong kasa-kasama ni Sora sa bahay kapag sinusumpong ng arthritis ang matanda. One hundred fifty isang araw ang sahod nito. Hindi na masama. Nakakabili na ito ng dalawang kilong bigas at ginisang ampalaya na may bagoong. Hindi na rin nito kailangang mamasaha dahil tatlong minutong lakaran lang ang layo ng

tinitirhan nito sa bahay ng matandang Capistrano.

Si Sora rin ang humimok kay Julia na mag-apply na sekretarya sa *SMCE*. Kahit na magkakilala sina Crexus at Sora ay hindi ito tinanggap ng una dahil lang sa inirekomenda ito ni Sora Capistrano. Julia passed the panel interview and exams, idagdag pang *cum laude* ito nang magtapos sa kolehiyo. Nang matanggap ay kumuha ito ng solong apartment sa Maynila.

Gustong mailing ni Clay. Sa liit ng mundong ginagalawan nila, ni minsan hindi man lang niya nakita si Julia sa Santander at sa tagal ng durasyong pagseserbisyo nito bilang sekretarya ng pinsang si Crexus ay hindi man lang nito nabanggit na kakilala pala nito si Sora Capistrano na pinsang-buo ng lola niya sa ina.

Bumuntong-hininga siya. For the nth time, he glared down at the piece of paper in his left hand. Iniabot iyon sa kanya ni Granny kanina. It couldn't even be legit, pero ano ang malay niya? There could be another contract somewhere, one that would be more binding, or his appointment as lawful guardian. Sh*t! Hindi na niya alam kung ano ang iisipin. Kilala niya si Sora at matalino itong tao. Hahanapan nito ng paraang maituwid ang gusot sa plano.

“This deed is made and entered into by and between...” He paused and clapped a hand over his

nape. Nakasulat ang mga pangalan nila, edad, estado, at permanenteng address. “*Whereas, the vendee has offered to buy and the vendor has agreed to sell herself, Julia Pacete of legal age, Filipino, single, for the price and under the terms and conditions set forth herein...*” Napaungol si Clay sa kunsumisyon.

“A-ayaw mo ba sa akin?” Kagat-kagat nito ang labi. “Maganda naman ako. Igagawa pa kita ng suman at ube halaya araw-araw. Ako iyong gumawa ng kinain mo sa loob, hindi ba masarap naman?”

“Julia!” saway niya sa dalaga. “Do you need money? May gusto ka bang ipagamot, kamag-anak na may-sakit, o utang na dapat nang bayaran? Pahihiramin kita. Kahit magkano, just tell me exactly how much. Basta tigilan n’yo lang ang kalokohang ito.”

Nanlumo ang dalaga. “Ikaw...”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “Anong ako?”

“I-ikaw ang gusto ko,” pag-amin nito.

Nagulat siya at hindi agad nakapagsalita. Tried as he might, he could not stop his cheeks from blushing like a goddamn f*cking idiot. Matagal na silang magkakilala, pero hindi niya alam na may gusto pala ito sa kanya. And never in his wildest imagination did he think that she would confess her feelings for him. Come on, she was always prim and proper at work. Pasulyap-sulyap pero hindi niya kailanman binigyang malisya. Hindi rin ito minsan man naglandi.

“Clay, Julia, *sulod mo dinhi!* Dito nga kayo mag-usap sa loob at papadilim na, mukhang uulan pa nga. Ano ba kasi ang ginagawa ninyo riyang? Makagat pa kayo ng lamok diyan! Hala, pasok,” tawag sa kanila ni Tandang Sora.

Napilitan silang pumasok sa loob ng bahay. Naupo si Julia sa pang-isahang upuan malapit sa durungawan. Siya naman ay bumalik sa puwesto katapat ng mesa de centro. Titig na titig siya sa dalaga. May gusto ito sa kanya. Parang nag-iba tuloy ang tingin niya rito.

He only saw her as one of Crexus' employees before. The typical secretary. He wasn't even a bit interested in her. He never asked about her. But tonight, there was something different about her. Mas mabango ito kaysa dati, mas mapungay ang mga mata nito, mas kaakit-akit—

Oh, God! Pinuwera ni Clay ang kanyang utak na manahimik. Hindi niya papatulan ang kalokohang inilalatag sa kanya nina Tandang Sora at Julia. Ni hindi niya lubos-maisip kung bakit pumasok ang ganito sa isipan ng dalawa.

“Ngayong nakapag-usap na kayo, Clay, Julia, maaari na siguro ninyong pirmahan ang dokumento na magtatalaga sa iyo, Clay, bilang solong magmamayari kay Julia.”

He almost cringed. “Isn't this human trafficking, Granny?” Ang gustong mangyari ng matanda ay

labag sa pinaniniwalaan niya. Buong hinahon siyang ngumiti. “I hate to say this but I am not interested in buying anything or *anyone* as of the moment.”

Lumatay ang pagkadismaya sa mukha nito. “Hindi ba kayo nagkasundo sa pera?”

Ikinumpas niya ang kamay sa ere. “It’s not about the money!”

“Hindi mo ba gusto si Julia?”

He automatically turned his face to her direction, looking straight into lonely eyes that met his. Namula ang mga pisngi nito. Damn! Gusto niya si Julia! He wanted her since he laid eyes on her this afternoon. He wanted to touch her. He wanted to touch her breasts and suck on her nipples, if he was being honest. F*ck, gustung-gusto niya ito! And he had never felt this strong desire for someone until now.

“I like her, Granny, bilang kaibigan lang,” pagsisinungaling ni Clay.

Bumuntong-hininga si Tandang Sora. “Bueno, kung iyan ang desisyon mo, hindi kita pipilitin.”



“Gusto mo ba talaga ang apo ko?” Ginagap ni Tandang Sora ang kamay ni Julia habang kapwa nila inihahatid-tanaw ang papalayong sasakyan ni Clay.

Hindi siya umimik, nakatitig lang sa kawalan. Dati na niyang nakikita ang binata sa bahay ni Tandang Sora, pero nahihya siyang magpakita at

nakokontento na lang sa pagsilip-silip dito. Clay was such an amazing person even when he was younger. Positibo at palaging nakangiti. Nang magkasakit ang Lola Sora ay nagagawa pa rin nitong pagaanin ang sitwasyon. He was always fun, warm, and welcoming. He was charming and he attracted women everywhere. Ang mga kapitbahay at mga kaibigan niyang babae ay may gusto rin kay Clay. Hindi lang siya ang excited kapag nasa Cebu ito kundi halos buong populasyon ng kababaihan sa lugar nila.

Hindi niya rin masabi kay Clay noon na kakilala niya ang Lola Sora nito. Ngayon lang siya nagkalakas-loob na magpakatotoo at ilabas na ang tunay na niloob. Nang mag-asawa ang boss niyang si Crexus ay natakot siyang baka sa susunod na buwan ay si Clay naman ang magpakasal. Ikamamatay niya!

Kaya nilakasan na ni Julia ang loob at ikinumpisal kay Tandang Sora ang damdamin. Nangako itong tutulungan siya. Hindi niya akalaing ang tulong na sinasabi nito ay ang planong paggayuma sa binata. Ito rin ang nakaisip na ibenta niya ang sarili kay Clay.

Ayon dito ay iyon ang pinakamabisang paraan upang makuha nila ang atensyon ng binata. Clay wasn't entirely good, but he wasn't entirely evil too. And the good side in him wouldn't tolerate the selling of woman to another person, especially not kung ang pagbebentahan ay ito mismo. And Lola Sora was

right, ora-oradang nagtungong Cebu ang binata nang mabasa ang mensahe rito ng matanda.

May ibinigay sa kanya si Tandang Sora na boteng may berdeng likido. Gayuma raw iyon at tatlong kutsarita ng likido ang ihahalo sa pagkain ng taong gustong paibigin. Ginawa niya naman. Inihalo niya ang gayuma sa suman at ube halaya. Ang dami pa ngang nakain ni Clay. Sa dami ng kinain nito ay ewan na lang kung hindi pa ito mahibang sa kanya.

Dahil sa kaalamang nasa ilalim ng gayuma si Clay ay lumakas ang loob niya. Bagay na wala sa kanya noon. “Gustung-gusto po. Matagal na. Handa po akong gawin ang kahit na ano para gustuhin din niya ako kahit na na-friendzone kaagad ako kanina,” simangot niya.

“Huwag kang mag-alala, Julia, maghintay ka lang at kusa din siyang babalik at lalapit sa iyo.”

Tumango siya. “Maghihintay po ako, 'La.”

“Ginawa mo ba ang lahat ng sinabi ko sa iyo?”

“Opo. Inorasyonan ko po at hinipan ang mga kinain niya kagaya nang sinabi n'yo.” Effective daw kasi iyon, ayon sa matanda, at natitiyak nitong mahuhumaling sa kanya si Clay.

Ngumiti si Tandang Sora at marahang hinagod ang likod niya. “Ha'mo at tatalab din ang gayuma. Maghintay-hintay lang tayo. Kapag dumating na ang oras na iyon, yakagin mo kaagad sa simbahan at nang

maitali mo sa iyo habambuhay bago mawala ang bisa ng gayuma.”

Kinabahan si Julia. May expiry ang gayuma ni Tandang Sora? “Hanggang kailan tatagal ang bisa ng gayuma, Lola?”

“Kuu, hindi ko masasabi, 'Neng, pero magtatagal ang bisa niyon dahil hinango ang dahon mula pa sa ikapitong bundok ng Bulalacao at binulungan ng matandang pamilyang Mangyan para higit na tumibay ang bisa. Huwag mo nang alalahanin ang bagay na iyan, tara na sa loob.”

3



Hindi mapigilan ni Clay ang sarili, panay ang sulyap niya sa rearview mirror habang papalayo ng lumang bahay. Nakatayo pa rin sa tapat niyon sina Tandang Sora at Julia. Pinuwersa niya ang mga mata at itinuon sa daan, pero ginagambala pa rin ang isipan niya ng imahe ng dalaga. He could not stop thinking about her—her eyes, her scent, her immaculate white camisole.

Kinginang kamison na iyan! Dinaig pa ang blusa at bikining itim. May sa maligno! “Dammit!” The thought of Julia had f*cking aroused him! Hindi na tuloy siya komportable sa pagkakaupo at halos mamuti na ang bukung-bukong niya sa higpit ng pagkakahawak sa manibela. Kung pinatulan niya ang pagbili rito kanina, nasa iisang silid na kaya sila at—

His eyes flew wide in shock. “What the hell was I thinking? Parang naging ibang tao na ako. Julia is a friend, nothing more,” matigas niyang paalala sa sarili. But his c*ck twitched and protested. He wanted to f*ck her! He exasperatedly gazed down at the thing underneath his jeans. “Junior, behave!”

Gusto niyang iuntog ang ulo sa windshield. Ano

ba itong nangyayari sa kanya? A few hours ago, he was fine. Nasilayan niya lang si Julia ay nagkaganito na siya. It was not even their first meeting. He had known her for years already, pagkatapos ngayon lang nagambala ang sistema niya?

Something was not right. Must be the camisole. Kaakit-akit ito sa suot na kamison. Or the hair... could also be her eyes...

Nagulat si Clay at napamura nang bumusina ang kasalubong na kotse. Halos nasa kabilang lane na pala ang sasakyan niya. Pinilit niya ang sariling huwag isipin si Julia, kung hindi ay baka maaksidente na talaga siya. Nakaramdam ng pagod ang binata at nasiguro niyang hindi na niya kakayaning magmaneho pa. Ipagpapabukas na lang niya ang pag-uwi. Panalangin niyang mabura sana ng pahinga at tulog ang kakaibang nangyayari sa kanya.

Huminto siya sa pinakaunang convenience store na namataan at bumili ng beer saka nag-check in sa pinakamalapit na lodging house. Kumuha siya ng standard room. Maayos naman ang nakuha niyang silid. May single bed sa pinakagitna, puti ang bedsheet at ang punda ng dalawang unan. May TV rin. May banyo at isang puting tuwalya na nakasabit sa rack. May gomang tsinelas na nabibili sa mga merkado. Wala lang Wi-Fi dahil okupado na lahat ng standard rooms na may free Wi-Fi.

Nagbababad agad si Clay sa ilalim ng shower, nagyeyelo sa lamig ang tubig pero nag-iinit pa rin ang katawan niya. He finished his beer. Pagkatapos ay humiga na siya sa kama. The bed felt so cold. Ngayon lang nangyari ang mga ito sa kanya. Sanay na siya sa malamig na kama. Malamig din ang kama sa bahay niya lalo na at hindi siya nagdadala ng babae roon. His house was too sacred for him, his private sanctuary.

Ipinikit niya ang mga mata at mayamaya ay nakatulog na rin, pero dinalaw na naman siya ni Julia sa kanyang panaginip. Ayaw paawat!

Julia owned the face of an alluring siren.

Breasts that were high and proud.

Waist that's not too bony, just delicately right.

And Julia had the finest swell of hips.

What did he see in his dream?

*Julia stood in front of him, naked. It took him a while before he was able to finally take in her full form. She was perfect with her flawless figure; her breasts with pink areola and taut nipples ready for hard sucking; her flat stomach; her creamy legs and shaved p*ssy. She pulled his shirt up off his body, pulled his boxers down, and kicked off his sandals until he was as naked as she was.*

Clay grabbed her face and kissed her hard, thrusting his naughty devil tongue inside her mouth. Julia wrapped her arms around his neck, pulling him into her. Her fingers played with his hair at his nape, sending tingles down his

spine; while his hands moved from her face, down to her proud breasts, and down to her buttocks. Julia let out a long moan as she felt his hands cupping her plump behind.

*“I want to taste you,” he hotly whispered in her ear then got on his knees in front of her. He placed his fingers on her folds and parted them, exposing her wet p*ssy. He finger-f*cked her until she was screaming and convulsing. He played with her wet c*nt tirelessly; flicked his tongue against the sensitive cl*t, licked her folds, and plunged his tongue into her, taking in every bit of her wet c*nt. She tasted of sweet, savory wine. Very intoxicating.*

Tumuwid siya at tinitigan nang matagal ang dalaga. Pa'wis na pa'wis ito at habol ang paghinga. Sa paningin niya ay mas lalo itong naging kaakit-akit.

*“F*ck, you're mine, Julia. You are mine.” He held her tiny waist, span her, and bent her over the bed, in all elbows and knees. Pinagapang muna niya ang labi sa tagiliran nito, tumitikim, bago idiniin ang katawan sa dalaga. He smacked her behind twice and rubbed the head of his c*ck against the lips of her c*nt then entered her from behind.*

*They both growled as he pushed his c*ck all the way into her tight p*ssy, forcing her glistening sex to open for him, and pounded her with hard strokes. He grabbed her hips and slammed into her relentlessly. His fingers pulling and twisting her nipples. Julia's nails tore the sheets of the bed and screamed in pleasure. He let out a growl and filled*

*her c*nt with his cum.*

*“F*ck, Julia!”*

Bumalikwas ng bangon si Clay, habol-habol ang paghinga. Pawis na pawis siya at nag-iinit ang pakiramdam. Did he just f*ck Julia in his dream? He’s screwed!



Nangangalumata si Clay kinabukasan. Ngayon pa lang nangyaring nagkaganito siya. Iyong hindi siya pinatulog ng imahe ng isang babae at kada ipipikit niya ang mga mata ay kung anu-anong tagpo sa ibabaw ng kama ang pumapasok sa isipan niya. Nagwawala ang kanyang libido at hindi niya iyon makontrol.

Ngayon nga ay natagpuan na lamang niya ang sariling nagmamaneho pabalik ng lumang bahay kahit kulang siya sa tulog at namimigat pa ang kanyang ulo. Hindi niya maintindihan ang sarili, ngayon ay pabalik na dapat siya ng Maynila pero hindi niya magawa. He was like a zombie craving for meat—ang ‘karne espesyal’ ni Julia. He was bewitched by her beauty. Gustung-gusto niya itong makita at makasama.

Bumusina siya nang marating ang lumang bahay ni Tandang Sora. Nagkagulatan pa sila ni Julia nang ito ang lumabas ng bahay. Nakasuot ito ng floral duster nang dali-daling lumapit sa tarangkahan.

“Clay, ikaw pala, pasok ka. Tulog si Lola. Sinusumpong ng arthritis kaya dito muna ako.” Inayos

nito ang mga hibla ng buhok na humulagpos mula sa pagkakatali. Hindi birong pagpipigil ang kinailangan ng binata para huwag itong hilahin sa baywang at siilin ng nagbabagang halik sa labi.

“Ikaw naman, wala man lang abiso na paparito ka, hindi tuloy ako nakapagpaganda.” Niluwagan nito ang bukas ng gate at gumilid para makapasok siya, pero nagkiskisan pa rin ang mga braso nila. He had to inhale sharply when Julia’s arm brushed against his. “Nagluluto ako ng spam sa kusina, request ni Lola. Naglalalambing, eh. Ikaw, baka may gusto ka sabihin mo lang.” Matamis ang pagkakangiti ni Julia sa kanya.

Sumunod siya sa dalaga hanggang kusina. May kakaibang hatak talaga ito sa kanya. Halinang-halina siya rito, bagay na ikinalilito ni Clay nang husto. *Gusto kita*, muntik na niyang isagot na mabuti na lang at naitikom niya ang bibig. Sumandig siya sa fridge at pinagmasdang maigi ang babae habang nagluluto ito. “Gusto ko uli ng suman at ube halaya.”

Bumaling ito sa kanya, may ubod ng tamis na ngiti sa mga labi nito. “Ipaghahanda kita.”

“Thank you. Are you on leave?”

“Oo, two days. B’alik na rin akong Maynila bukas.”

“Sumabay ka na sa akin,” boluntaryo ni Clay.

Pinatay ni Julia ang stove at inilagay sa lamesa ang platong may spam. Naghugas ito ng kamay at inayos uli ang pagkakatali ng buhok. Kamuntikan na siyang

mapaungol nang hawiin ni Julia palikod ang mga nagulong hibla. With the messy hair tied back, her neck was now exposed—skin soft and creamy.

“May plane ticket na ako,” anito na pumukaw sa matiim niyang pagmamasid dito.

“You won’t need it. Ako’ng bahala.”

Nagkibit-balikat ang dalaga. “Okay lang ba?”

“Of course. I just need to go back at the lodging house to get my things. Babalikan kita rito bukas ng umaga.” He found himself smiling adorably at her. Parang may hindi nakikitang kamay ang nag-angat ng magkabilang sulok ng bibig niya.

“Sige. Ano nga pala’ng ginagawa mo rito? Gusto mo bang makausap si Lola?”

“Nope, binalikan talaga kita. I thought you might need a ride and someone to accompany you on your way back to Manila.”

Ngumisi si Julia, halatang kinilig. “Naku, ang sweet mo naman! Baka masanay ako niyan. Ay, teka, kailangan ko palang bumili ng malagkit sa tiangge para sa suman. Samahan mo naman ako.”

“Sure. Let’s use my car.”

“Hindi na, ’no! Ang lapit lang ng tiangge rito, ayun lang, o.” Dumungaw ito sa bintana at may itinuro sa labas. “Maglakad-lakad na lang tayo. Para masolo kita nang matagal-tagal.”

He laughed. “Okay.”

Habang naglalakad ay panay ang sulyap nila sa isa't isa saka sabay na bubungisngis kapag nagkahulihan ng tingin. "Para tayong mga tanga. I-try na nga natin ang holding hands while walking, sige na." Hinuli ng dalaga ang kamay ni Clay bago pa man siya makapalag saka mahigpit iyong hinawakan.

"Woman, you're fast," he remarked, laughing, but deep within him he was distracted. Ang malambot at maliit na kamay ni Julia ay kakaiba ang epekto sa sistema niya.

"Pagong na lang ang mabagal sa panahon ngayon. LTE na ang paglalandi. Pabilisan, gan'un," anito. "*Daghan lage guwapong lalaki*, pero straight ba? Kaya kung babagal-bagal ka, tiyak na mauubusan ka." Ngumisi ito sa sinabing maraming guwapong lalaki pero straight ba?

"Pabilisan din ang pagbubuntis, Julia."

"Okay lang sa akin ang mabuntis kung ikaw ang magiging daddy."

Bigla siyang naubo. "I'm not ready for that yet," ani Clay, sabay bawi sa kamay, burado na ang ngiti. Hinding-hindi niya aaminin dito na kahapon pa niya pinapantasya ang katawan nito at masidhing-masidhi ang pagnanais niyang buntisin ito. He had bedded several women before, pero wala sa mga ito ang ginusto niyang pagsidlan ng kanyang binhi. He was a strong advocate of safe sex and responsible parenting.

Hanggang maaari ay kasal muna bago mag-anak.

Ipinanganak si Clay bago pa man nagpakasal ang mga magulang niya. Both his parents came from wealthy families, but his mother was weak. Buntis na ito sa kanya nang may magtangkang umakit at umagaw sa ama niya. A poor slut from some cheap cabaret tried to trap his father into marriage. Mabuti na lang at matibay ang ama niya. Kung hindi ay kawawa ang mama niya dahil wala itong kakayahang lumaban. Iiyak na lang ito at magpapadehado. Ipapanganak sana siya sa mundo nang walang kagigisnang ama.

Thus, the disgust he felt for conniving b*tches. Mga babaeng walang pakialam kahit na sino pa ang masagasaan, makuha lang ang gusto.

“Kung gusto mo lang naman. Hindi na ako magpapakipot, promise, at—”

“I still believe in safe sex and responsible parenting, Julia,” he cut her off. Ginugulo ng babae ang paninindigan niya. “And marriage first before babies.”

“Ito naman napakaseryoso. Sorry na, *padre*.” Humagigik ito at nagpatuloy pa rin sa pagkukuwento, hayagan ang ginagawa nitong pangungulit. “May sasabihin pala ako sa iyo. Nagpa-Brazilian wax ako nang isang araw at... grabe! Ang sakit pala n’un. Napapaire ako sa sobrang sakit. Pero worth it naman. Gumanda talaga ang view.” Ininguso nito ang ibabang

katawan.

“Julia! I don’t want to talk about your shaved—hah! Behave, please.” Humantong sila sa tiangge at naghanap ng malagkit. Hindi na kinausap ni Clay ang dalaga hanggang sa makabalik sila ng bahay kahit na panay ang kalabit nito sa kanya.

“Hindi mo na talaga ako kakausapin niyan?” nakasimangot nitong tanong. Nanatili siyang tahimik. Hindi siya nagsalita hanggang sa maihanda nito ang suman at ube halaya.

4



Sumimangot si Julia nang makalipas ang sampung minuto ay tahimik pa rin sa sala si Clay. Hindi ito umiimik at kanina pa naglalakbay ang diwa. Marahil ay nababagot na ang binata. Kabagut-bagot ba siyang kasama? People said she was really fun to be with.

Madalas mabait siya. Minsan tahimik kapag nasa opisina at aburido ang boss niyang si Crexus. Minsan masayahin kapag nasa malapit si Clay. Minsan tinotopak kapag may ibang babaeng nagpi-flirt sa Clay niya.

Bumuntong-hininga si Julia. Nakakahapo rin pala ang magpa-cute at magpapansin sa taong gusto mo. Ilang taon din siyang nag-ipon ng lakas ng loob at kung hindi pa dahil sa berdeng likido ay hindi siya magkakaroon ng tapang na kausapin ito.

Naguguluhan din siya kay Clay. Malagkit naman kung tunitig ito sa kanya. Halatang attracted ang kamote sa alindog niya pero saksakan ng pakipot. Nilalabanan pa siguro ng katawan nito ang gayuma, pero hindi ito magtatagumpay dahil nga may orasyon ang likidong inihalo niya sa pagkain nito at galing pa

sa *Bundok Bulalacao*.

Dumaan si Julia sa pinto sa kusina at lumabas sa likod ng bahay para pakainin ng pellets ang mga inahing manok na alaga ni Tandang Sora habang nagmumuni-muni siya.

Habang nagsasaboy ng pellets sa mga manok ay natanaw niyang pumarada ang isang *Nissan Navara* sa harapan ng gate. Bumaba ang pamangkin ng mayor ng kabilang siyudad, si Wolf. Minsan siyang lumahok sa pa-contest para maging mutya ng lugar nila. Isa si Wolf sa inimbitang mag-judge. Siyempre siya ang nanalo dahil siya ang pinakamaganda at pinakamahusay sumagot sa Q and A na sinimulan niya sa bonggang-bonggang *'thank you for that wonderful question'* at dinugtungan ng pamosong linya ng *Miss Universe 2018* Catriona Gray na *'to see situations with the silver lining'*. Magmula noon ay hindi na tumigil si Wolf sa panunuyo sa kanya. He was devastatingly handsome.

Minsan naiisip niyang sana ay mabura na lang sa puso niya si Clay. Ang hirap kasing magpapansin dito. Matagal na silang magkakilala at magkaibigan, nakakausap pa niya itong madalas sa opisina ng boss niya, pero wala itong ipinakitang interes sa kanya at nitong huling mga araw na lang nag-ukol ng atensyon sa kanya. Alam ni Julia ang dahilan ng pagbabago nito. Ginayuma niya ang lalaki. Desperada, atat, gigil,

sabihin nang lahat iyon sa kanya, tatanggapin niyang maalwan sa dibdib dahil totoo naman ang mga iyon.

“Julia!” Kumaway sa kanya si Wolf. Kumaway din siya at nilapitan ito. “Dumaan ako sa inyo. S’abi ng tatay mo nandito ka raw.”

“Bakit mo ako hinahanap?”

“Bakit nga ba?” Ngumiti ito nang malawak. “Gusto siyempre kitang makita. I missed you. Ang daming pinapaayos ng Papa sa opisina.”

“Eh, normal lang iyon. Ikaw din ang magmamana ng kompanya n’yo.”

“I guess you are right. Besides, I should be really working my a*s off now for my future wife,” anito na binigyan siya ng tinging puno ng kahulugan. “Kung pumapayag ka na ba kasing pakasal sa akin, hindi kayo magugutom ng magiging mga anak natin kahit na isang dosena pa iyan.”

“Ayan ka na naman, eh. Napag-usapan na natin ’to. Hanggang magkaibigan lang talaga tayo.” Nang unang kumpisal pa lang ng pag-ibig sa kanya ni Wolf ay tinapat na niya itong may iba siyang nagugustuhan at kung ipipilit nito ang damdamin sa kanya ay magkakasakitan lang sila. Hindi naman ito nagpumilit. They remained friends. Really good friends. Madalas pa rin itong dumadalaw sa kanya na sa una ay mahigpit niyang tinutulan pero sa huli ay hinayaan na lang niya.

Nagkibit-balikat ang binata at tumanaw sa loob ng bahay. “Aren’t you going to invite me in? Nakakapagod din ang biyahe.”

Napakamot siya sa ulo, nilingon niya ang bahay husto namang lumabas si Clay na madilim ang mukha. Lumiit ang pintuan sa tikas ng pagkakatayo ng lalaki roon. His frame was solid, strong, and unbending. Hindi niya makita sa anyo nito ang Clay na lagi niyang nakakausap sa opisina. She was seeing a different side of him. Ang bahagi ng pagkataong akala niya ay imposibleng taglayin ng isang Clay Santa Maria.

“You have a visitor,” he stated the obvious. Sarkastiko rin ang tono ng boses nito.

She smiled awkwardly. “Clay, si Wolf. Wolf, si Clay,” alanganin niyang pakilala sa dalawang lalaking nagsusukatan ng tingin. Parehong guwapo, matikas, at matangkad ang mga ito.

Tumikhim si Julia. “Pasok ka sa loob, Wolf.”

Inilabas ng huli ang dalang sariwang mga prutas. “Para sa ’yo.”

Pumalatak si Clay, suyang-suya saka padabog na bumalik sa loob ng bahay.



“Natutuwa akong bumalik ka, *nieto*. Kapag nandito ka, nawawala ang arthritis ko,” ani Tandang Sora matapos ang hapunan.

Nagpaalam na si Wolf dahil may mahalaga itong tawag mula sa ama nito. Julia was glad that the latter had already left. Sa durasyon kasi ng hapunan ay sumakit ang tainga niya sa katahimikang puno ng tensyon. Kamuntikan pa siyang himatayin nang hagkan siya ni Wolf sa pisngi bago ito lumabas ng pinto, paano kasi ay nagdabog lang naman si Clay at akala ni Julia ay nabasag ang plato nang malakas nitong ibagsak ang hawak na kubyertos. Ang tinging ipinukol pa nito sa kanya ay nakamamatay.

“I’m spending the night here, Granny,” anunsyo nito, nakapako sa kanya ang maiitim na mata.

“Di ba babalik ka pa ng lodging house?” hindi niya napigilang isatinig.

He smirked. “I changed my mind,” he answered roughly.

Nagyuko ang dalaga ng ulo at itinuon ang atensyon sa lamesa. Hindi niya kayang tagalan ang mga titig nito—nanunumbat at nagagalit.

Hindi nagkomento ang matanda sa namuong tensyon at kaswal lang nang magsalita. “Ipapahanda ko na ang silid mo kay Julia.” Binalingan siya ng matanda. “*Palibug*, hija, ikaw na sana ang bahala. Magpahinga ka na rin pagkatapos at ako’y papasok na sa silid ko.”

Ngumiti siya at buong galang na tumango. “Ngayon din ho, Lola.”

Nasa ikalawang palapag ang kuwartong inilalaan ni Tandang Sora sa binata tuwing dumadalaw ito ng Santander. Habang inaayos ng dalaga ang kama ay nakamasid lang sa kanya si Clay na kampanheng nakasandig sa dahon ng antigong kahoy na pinto. Seryoso at pormal ang mukha nito habang titig na titig sa kanya. Napalitan na niya ng bago ang punda at kumot at palabas na nang humarang sa pintuan ang lalaki at hinila siya pabalik ng silid. Awtomatikong nagrigodon ang dibdib ni Julia.

He locked the door behind him and pushed her against the wall. “Boyfriend mo ba ang Wolf na iyon?” he asked through gritted teeth. “Bakit nagpapakita ka pa ng interes sa akin kung may boyfriend ka na pala?”

“H-hindi ko siya boyfriend, Clay. M-magkaibigan lang kami.” Nauatal siya sa apoy na nakikita niya sa mga mata ng binata. The fire in his eyes looked like they were going to consume her whole out of madness and out of... lust?

“Really, Julia?” He was still irritated.

Kitang-kita ng babae ang pagpipigil nitong magalit nang husto. Kung bakit ay hindi niya alam. Talaga namang magkaibigan lang sila ni Wolf. Walang dapat ikagalit si Clay. And from what she heard and knew, he was not the type to get irritated easily. Bakit parang hindi totoo ang balita at ang pagkakakilala niya rito? Sa loob ng maikling panahon ay ilang beses

na itong nagalit at malamang ay nairita sa kanya.

She felt his fingers sinking deeper into her arms. Nagulat si Julia nang hilahin nito pababa ang neckline ng blusa niya at bumaba ang ulo nito sa puno ng nahantad niyang dibdib. She felt that sensual pain when he sucked her flesh. Hindi niya napaghandaan ang pananalakay nitong iyon.

“There,” anito, nawala na ang pagpupuyos at nahalinhan ng kakaibang kislap ang kanina ay galit sa mga mata. He left a kissmark on her skin! Sa punong bahagi ng dibdib niya. Pagkatapos ay bumaba uli ang labi ni Clay at dumaiti naman sa leeg niya. Napasinghap siya nang maramdamang muli ang pagsimsim nito sa balat niya.

“Two kissmarks. Tingnan natin kung sisige pa ang Wolf na iyan kapag nakita niya ang mga marka ko sa balat mo.”

Marka niya! Mapang-angkin ang kamote. Dali-dali siyang lumabas ng silid nito, inignora ang mapanuksong pagtawa ni Clay. Pumasok siya sa sariling kuwarto at in-lock ang pinto. Ibinagsak ni Julia ang nanginginig na katawan sa kama, taas-baba pa rin ang dibdib.

“Clay...” Dinama ng kamay niya ang mga markang iniwan nito sa kanyang balat. They burned. Hindi niya in-anticipate iyon. She had no idea that Clay was capable of doing what he just did to her. He made her

burn. Nagbabaga ang katawan niya at ang dibdib ay parang puputok.

Ganito pala kalakas ang epekto ng binata sa kanya. Hindi niya alam kung kakayanin niya iyon at isipin pang kanina lang ay ang lakas ng loob niyang hamunin ito at tuksuhin. Mariin niyang ipinikit ang mga mata at nahaplos ang lalamunan.

“Oh, God...” sambit ni Julia, namamaos ang tinig.